Simula

TJ Monterde

Tayo ay babalik sa simula

Ito na'ng ating unang pahina
Ang hakbang sa pagiging isa
Na pang habang buhay

'Wag mangamba ang pag-ibig ang ating punla
May Kapal ay syang may akda
Sa'ting paglalakbay

Balikan ating dahilan
Pagnakalimutan na ating sayaw
Kumupas dating pagtingin
At kung ang dulo ay natatanaw
Sumpaan ay gunitain
Tayo ay babalik, babalik sa simula

Kung dumating man
Ang unos na dala ng ulan
Lagi mong pakatatandaan
Yakap ko'y silungan

Balikan ating dahilan
Pagnakalimutan na ating sayaw
Kumupas dating pagtingin
At kung ang dulo ay natatanaw
Sumpaan ay gunitain
Tayo ay babalik, babalik sa simula

Kung maliligaw
Ikaw ang linaw
'Di ka bibitawan
Sa sigwa o araw
Dilim o bughaw
Ikaw ang sigaw

Pagnakalimutan na ating sayaw
Kumupas dating pagtingin
At kung ang dulo ay natatanaw
Sumpaan ay gunitain
Tayo ay babalik
Babalik

Pagnakalimutan na ating sayaw
Kumupas dating pagtingin
At kung ang dulo ay natatanaw
Sumpaan ay gunitain
Tayo ay babalik
Babalik
Tayo ay babalik
Babalik
Tayo ay babalik
Babalik
... sa simula

Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!